Ang 2023 Fall Economic Statement (Pahayag sa Fall 2023 Ukol sa Ekonomiya): Ang Mga Pangunahing Gagawin para Magtayo ng Mas Maraming mga Tahanan, Suportahan ang Middle Class, at Gawing Mas Abot-Kaya ang Pamumuhay

Ang mga ito ay ang ilan sa mga pangunahing gagawin na naka-outline sa *2023 Fall Economic Statement*:

Canada's Housing Action Plan (Plano ng Aksyon ng Canada para sa Pamamahay)

- Ang $4 bilyong Housing Accelerator Fund, na tumutulong tanggalin ang red tape at tumutulong na mas mabilis magtayo nang mahigit sa 100,000 bagong tahanan sa buong Canada,;
- Pag-repurpose sa mas maraming federal lands na pagtatayuan ng mga tahanan;
- Pagtanggal ng GST mula sa bagong rental housing, kabilang na ang co-operative housing corporations na naglalaan ng mga pangmatagalang rental;
- Pag-unlock ng $20 bilyon low-cost financing para sa rental construction nang makapagtayo nang hanggang 30,000 karagdagang tahanan bawat taon;
- Pag-finance sa mas maraming rental housing sa pamamagitan ng paglaan ng $15 bilyon para sa loans sa pamamagitan ng Apartment Construction Loan Program, nang makapagtayo ng 30,000 bagong tahanan;
- Pagtayo ng mas abot-kayang housing para sa mga pinaka-nangangailangang Canadians sa tulong ng $1 bilyon para sa Affordable Housing Fund, nang makapagtayo ng mahigit sa 7,000 bagong tahanan;
- Pagtanggal ng mga hadlang sa labour mobility sa loob ng Canada, nang may priyoridad para sa construction workers at health care professionals, at bibigyan ng priyoridad para sa permanent residency ang skilled tradespeople;
- Crackdown sa short-term rentals (mga pagpapaupa para sa maikling panahon) na hindi tumutupad sa batas, at pagsuporta sa munisipal na pagpapatupad ng mga restriksyon sa short-term rentals; at,
- Isang bagong Canadian Mortgage Charter para masigurado na ang Canadians na may pinansyal na kahirapan ay makakakuha ng mortgage relief na naaayon sa kanilang sitwasyon, na maaari nilang maasahan mula sa kanilang bangko para tulungan silang gawin ang mga pagbabayad at manatili sa kanilang mga tahanan.

Pagsuporta sa isang Malakas na Middle Class

- Pagpapalakas ng kompetisyon sa Canada; ito'y nangangahulugang bababâ ang mga presyo at magkakaroon ng mas maraming choice dahil babaguhin ang batas para mag-crackdown sa mga madayang gawi na nagpapataas ng mga presyo;
- Pagsisigurado na tutuparin ng limang pinakamalaking grocery chains sa Canada ang kanilang mga pangakong i-stabilize ang mga presyo, at dagdagan ang kompetisyon sa grocery sector;

- Pagtanggal ng GST mula sa psychotherapy at counselling services para gawing mas abot-kaya ang mental health care para sa Canadians;
- Patuloy na crackdown sa junk fees, kabilang na ang pagbaba ng non-sufficient fund (NSF) fees na sinisingil ng mga bangko, pag-imbestiga sa international mobile roaming rates, at pagsigurado na pagtatabihin ng airlines nang walang karagdagang singil ang lahat ng mga batang wala pang 14-taong-gulang at ang adult na kasama nila sa flight;
- Pagbago sa batas bilang suporta sa mga karapatan ng Canadians na ayusin ang kanilang sariling devices at products sa pamamagitan ng pag-require sa mga manufacturer na ilaan ang mga paraan para ayusin ang mga ito;
- Isang bagong Employment Insurance adoption benefit na maglalaan ng 15 linggo ng shareable benefits sa mga magulang; at
- Pag-enhance sa low-cost at no-cost banking accounts para i-reflect ang tunay na sitwasyon ng modern banking; magtatakda rin ng iisang independent ombudsman para tulungan ang Canadians na resolbahin ang mga reklamo sa kanilang mga bangko.